SIXTH SUNDAY IN ORDINARY TIME (YEAR C)

It Takes a Lot of Faith!

> "Blessed are you when people hate you, and when they exclude and insult you, and denounce your name as evil on account of the Son of Man. Rejoice and leap for joy on that day! Behold, your reward will be great in heaven." Luke 6:22-23

It takes a lot of faith to "rejoice and leap for joy" after experiencing hatred and persecution from another. Even when one is persecuted on account of his/her faith in Christ, it takes a lot of faith and a lot of love to sincerely rejoice.

But with that said, this level of faith and love is possible! If it were not, our Lord would not have given this teaching. It is a teaching to live the highest ideal. It's a calling to live in Beatitude.

Though it would be worth it to spend time on each and every one of the Beatitudes and to try to apply them to our lives, it's also helpful to look at the more general fact that Jesus does not call us to mediocrity; rather, He calls us to the heights of perfection. It is within those heights that our souls find the greatest reward.

Reflect, today, upon this Beatitude. Perhaps you have never experienced persecution and hatred as a result of following Jesus. But even if you haven't, try to put yourself into this situation and try to honestly discover how you would react. Would you be able to allow persecution to "roll off your back" so to speak? Would you be able to accept injustice in your life without allowing it to disturb your interior peace? Or would you turn bitter and angry as a result of the hurt you would feel?

Try to put your eyes upon the ideals of the Christian life. If you aim for anything less, you run the risk of actually attaining that lower goal. But if you put your eyes upon the high calling of the Beatitudes, then you will find that our Lord will continually draw you closer to His heart, cleansing you, strengthening you, filling you with more faith, hope and love, and bringing you to an increasingly blessed level of holiness. It's worth it to aim for the ideal!

Lord of perfection, please make me holy. Help me to keep my eyes upon You and upon the virtues and Beatitudes that You call me to live. May I never settle for a mediocre life. Instead, may I strive only for a life of perfection and holiness making You the center of all I long for. Jesus, I trust in You.

Source: https://mycatholic.life/books/catholic-daily-reflections-series/ordinary-time-weeks-1-17/fifth-week-in-ordinary-time/#Sun-C

IKA-13 NG PEBRERO,
IKA-6 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHON II

Panalangin sa Umaga

PASIMULA

Panginoon, buksan mo ang aking mga labi.
— At pupurihin ka ng aking bibig.

PAANYAYA SA PANALANGIN

Antipona: **Halina at sambahin ang Panginoon, dahil tayo ang kanyang bayan, ang kawang kanyang pinapastulan.**

Salmo 95

Tayo ay lumapit sa 'ting Panginoon, Siya ay awitan,
Ating papurihan ang batong kublihan nati't kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak.
(Uulitin ang Antipona)

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig. pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang.
(Uulitin ang Antipona)

Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati' y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan.
(Uulitin ang Antipona)

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
“Iyang inyong puso’y huwag patigasin,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang
Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.
Ako ay tinukso’t doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila’ ng nakinabang.
(Uulitin ang Antipona)

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi, ”Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinuway!”
Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan.”
(Uulitin ang Antipona)

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan.
Amen.
(Uulitin ang Antipona)

AWIT

Aawitin ng lahat, awit ng pagkabuhay,
Na pumawi sa dusa’t dilim ng kamatayan.
Panahon ay lilipas, ang D’yos lamang ang may alam,
Ang tao’y magigising, bagong kapayapaan.

Biyayang kay dakila, di malirip na galak
Ang Diyos ang nangako, si Kristo ang naghayag,
Kaligtasan ay dulot, langit ang inilahad
Ngayon ay naghihintay, sa mga iniligtas.

Buhay na walang hanggan, lahat ay nagdiriwang,
Mga propeta’t banal, patriarka at paham,
Bayang may pananalig, handog ay kalangitan
Halina’t makiisa, sa piging ng Maykapal.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: **Pinagpala ang dumarating sa ngalan ng Panginoon.**

Salmo 118
(Awit ng Kagalakan para sa kaligtasan)

O pasalamatan
Ang Diyos na PANGINOON, pagkat siya'y mabuti;
Ang kanyang pag-ibig
Ay napakatatag at mananatili.

Ang taga-Israel,
Bayaang sabihi't kanilang ihayag,
"Ang pag-ibig ng Diyos, ay hindi kukupas."
Mga saserdote
Ng Diyos na PANGINOON, bayaang magsaysay:
"Ang pag-ibig ng Diyos, walang katapusan."

Lahat ng may takot
Sa PANGINOONG Diyos, dapat magpahayag,
"Ang pag-ibig niya'y hindi magwawakas."
Nang ako'y magipit,
Ang Diyos na PANGINOON ay aking tinawag;
Sinagot n'ya ako't kanyang iniligtas.
Kung itong PANGINOON
Ang aking kasama at laging kapiling,
Walang pagkatakot sa aking darating.
Ang PANGINOON ang siyang
Sa aki'y tumutulong laban sa kaaway,
Malulupig silang aking mamamasdan.

Mabuting di hamak,
Na doon sa PANGINOON magtiwala ako,
Kaysa panaligan yaong mga tao.
Higit ngang mabuting
Ang pagtitiwala'y sa PANGINOON ibigay,
Kaysa pamunuan ang ating asahan.



Sa aking paligid
Laging gumagala ang mga kaaway,
Winasak ko sila
At lakas ng PANGINOON ang naging patnubay,
Kahit saang dako
Ako naroroon ay nakapaligid,
Winasak ko sila
Sapagkat ang PANGINOON ay nasa aking panig.
Ang katulad nila
Ay mga bubuyog na sumasalakay;
Dagliang nasunog, sa apoy nadarang;
Winasak ko sila
Sapagkat ang PANGINOON ang aking patnubay.

Sinalakay ako't
Halos magtagumpay ang mga kaaway,
Dahilan sa PANGINOON, sila'y napipilan.
Dahilan sa PANGINOON,
Ako'y pinalakas, at ako'y tumatag;
Siya, sa buhay ko, ang Tagapagligtas.
Dinggin ang masayang
Sigawan sa tolda ng mga hinirang:

"Ang PANGINOON ay siyang lakas na patnubay!
Ang lakas ng PANGINOON
Ang siyang nagdulot ng ating tagumpay,
Sa pakikibaka sa ating kaaway."
Aking sinasabing
Di ako papanaw, mabubuhay ako
Upang isalaysay
Ang gawa ng Diyos na PANGINOON ko.
Pinagdusa ako
At pinarusahan nang labis at labis,
Ngunit ang buhay ko'y di niya pinatid.

Ang mga pintuan
Ng banal na templo'y inyo ngayong buksan,
Ako ay papasok,
At itong PANGINOON ay papupurihan.
Ito yaong pintong
Pasukan ng PANGINOON, ang PANGINOONG Diyos;
Tanging ang matuwid
Ang pababayaang doo'y makapasok!
Aking pinupuri
Ikaw, O PANGINOON, yamang pinakinggan,
Dininig mo ako't pinapagtagumpay.

Ang batong natakwil
Ng nangagtatayo ng tirahang-bahay,
Sa lahat ng bato'y higit na mahusay.
Ang lahat ng ito
Ang nagpamalas ay ang Diyos na PANGINOON,
Kung iyong mamasdan ay kawili-wili!
O kahanga-hanga
Ang araw na itong ang Diyos ang nagbigay,
Tayo ay magalak, ating ipagdiwang!

Kami ay iligtas,
Tubusin mo, PANGINOON, kami ay iligtas,
At pagtagumpayin sa layuni't hangad.
Ang pumaparito
Sa ngalan ng PANGINOON ay pagpapalain;
Magmula sa templo,
Mga pagpapala'y kanyang tatanggapin!
Ang PANGINOON ang Diyos,
Pagkabuti niya sa mga hinirang.

Tayo ay magtaglay
Ng sanga ng kahoy, simulang magdiwang
At tayo'y lumapit sa dambanang banal.
Ikaw ay aking Diyos,
Kaya naman ako'y nagpapasalamat;
Ang pagkadakila mo ay ihahayag.

O pasalamatan
Ang Diyos na PANGINOON, pagkat siya'y mabuti;
Ang kanyang pag-ibig
Ay napakatatag at mananatili.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: **Pinagpala ang dumarating sa ngalan ng Panginoon.**

Antipona 2: **Halina at umawit ng papuri sa ating Diyos.**

Awit: Daniel 3:53-57
(Purihin ang PANGINOON ng lahat ng nilikha)

Pinupuri ka namin, PANGINOON, Diyos ng aming mga ninuno;
Karapat-dapat kang ipagdangal at dakilain magpakailanman.

Purihin ang iyong banal at maluwalhating pangalan,
Nararapat purihin at ipagdangal magpakailanman.

Purihin ka sa iyong banal at maringal na tahanan;
Lubhang karapat-dapat kang awitan at dakilain magpakailanman.

Mula sa iyong luklukan sa ibabaw ng mga kerubin,
Nakikita ko ang kalaliman, ang daigdig ng mga patay.
Karapat-dapat kang purihin at dakilain magpakailanman.

Purihin ka, na nakaluklok sa maringal mong trono,
Karapat-dapat kang awitan at dakilain magpakailanman.

Purihin ka sa buong sangkalangitan;
Karapat-dapat kang awitan at dakilain magpakailanman.

Purihin ninyo ang PANGINOON, kayong lahat na mga nilikha,
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: **Halina at umawit ng papuri sa ating Diyos.**

Antipona 3: **Purihin ang Diyos sa kanyang walang hanggang kadakilaan.**

Salmo 150
(Purihin ang Panginoon)

Purihin ang PANGINOON!
Sa banal na templo, ang Diyos ay awitan,
Purihin sa langit ang lakas na taglay;
Siya ay purihin sa kanyang ginawa,
Siya ay purihin, sapagkat dakila.

Purihin sa tugtog ng mga trumpeta,
Awitan sa saliw ng alpa at lira!
Sa tugtog ng tambol, magsayaw, purihin,
Mga alpa't plauta, lahat ay tugtugin!

Ang Diyos ay purihin sa tugtog ng pompiyang,
Sa lakas ng tugtog siya'y papurihan;
Purihin ang PANGINOON ng mga nilalang!
Purihin ang PANGINOON!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: **Purihin ang Diyos sa kanyang walang hanggang kadakilaan.**

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Ezekiel 36:25-28)*

Wiwisikan ko kayo ng tubig na dalisay upang kayo'y luminis. Aalisin ko rin ang naging mantsa ninyo dahil sa inyong mga diyus-diyusan. Bibigyan ko kayo ng bagong puso at bagong espiritu. Ang masuwayin ninyong puso ay gagawin kong masunurin. Bibigyan ko kayo ng aking Espiritu upang makalakad kayo ayon sa aking mga tuntunin at masunod ninyong mabuti ang aking mga utos. Ititira ko kayo sa lupaing ibinigay ko sa inyong mga ninuno. Kayo ay magiging bayan ko at ako ang inyong Diyos.

TUGUNAN

Pinasasalamatan ka namin, O Diyos, habang ngalan mo'y aming tinatawag.
— Pinasasalamatan ka namin, O Diyos, habang ngalan mo'y aming tinatawag.

Ipinagbubunyi namin ang iyong kadakilaan,
— habang ang ngalan mo'y aming tinatawag.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.
— Pinasasalamatan ka namin, O Diyos, habang ngalan mo'y aming tinatawag.

PAPURING AWIT NI ZACARIAS

Antipona: **"Panginoon, kung ibig po ninyo'y mapapagaling ninyo ako." Winika ni Hesus; "Ibig kong gumaling ka."**

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas,
Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta noong una,
Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,
Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Pasalamatan natin ang ating Manunubos na pumarito sa daigdig bilang pakikipiling ng Diyos sa atin. Tawagan natin siya:

Kristo, hari ng Kaluwalhatian, ikaw ang aming liwanag at kagalakan.

Panginoong Hesus, ikaw ang sumisikat na Araw,
ang unang ani ng darating na pagkabuhay,
— iadya nawa kami sa lilim ng kamatayan at tumahak sa landas ng liwanag ng buhay.

Ipakita sa amin ang iyong kabutihang nananahan sa bawat nilalang,
— upang mapagnilayan namin ang iyong kadakilaan.

Huwag mong hayaang daigin kami ngayon ng kasamaan,
— kundi mapagtagumpayan namin ang masama
sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan.

Bininyagan ka sa Ilog Jordan at pinahiran ng langis ng Espiritu Santo,
— mapasalamatan nawa namin ngayon ang Espiritu Santo.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama naming makapangyarihan,
ipinangako mong ikaw'y mananatili
sa mga taong nagsigawa ng tama at mabuti.
Tulungan mong sa iyong piling ay mamuhay kami.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diakono)

Sumainyo ang Panginoon
— At sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos
Ama, Anak at Espiritu Santo.
— Amen.

(Kung walang pari o diakono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon,
iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
— Amen.

Panalangin sa Takipsilim (II)

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Banal na Pagmamahal, dakila ka sa lahat,
Ligaya ka ng langit, sa lupa ay laganap.
Sa aming mga tao, awa mo ay igawad,
Pagpapalang sagana, amin nawang matanggap.

Sa iyo nanggagaling, lahat ng awa't habag,
Walang hanggang pag-ibig, Hesus 'yong ginaganap.
Halina't idulot mo ang biyayang tumatag,
Upang manatili kang kasama hanggang wakas.

Dakilain ang Ama sa kanyang kapurihan
Na kasama ng Anak, at Espiritung Banal,
Di kayo mahahati, iisang Diyos lamang,
Laging dadakilain at pasasalamatan.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: **Ang Panginoong Hesukristo ay pari magpakailanman, katulad ni Melquisedec noong una.**

Salmo 110:1-5, 7
(Ang Mesiyas, hari at pari)

Sinabi ng PANGINOON,
Sa Hari ko't PANGINOON,
"Maupo ka sa kanan ko,
Hanggang ang kaaway mo
Ay lubos na mapasuko, pagkat iyong matatalo."

Magmula sa dakong Sion,
Ay palalawakin niya ang lupaing iyong sakop;
"At lahat ng kaaway mo'y
Sakupin at pagharian," gayon ang kanyang utos.

Sasamahan ka ng madla,
Kung dumating ang panahong lusubin ka ng kaaway;
Magmula sa mga bundok,
Lalabas at sasamahan ka ng mga kabataan.

Ang PANGINOON ay may pangako
Na ito'y tiyak mangyayari, ganito ang kanyang saysay:
"Katulad ni Melquisedec,
Gagawin kang saserdote, na hindi na wawakasan."

Ang PANGINOON ay naroroong
Nakaupo sa kanan mo, at pag siya ay nagalit,
Ang lahat ng mga hari ay tiyak na malulupig.

Sa batis sa lansangan,
Itong hari ay iinom, at sisigla ang katawan;
Sa lakas na tataglayin, matatamo ang tagumpay.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: **Ang Panginoong Hesukristo ay pari magpakailanman, katulad ni Melquisedec noong una.**

Antipona 2: **Ang Diyos ay nananahan sa langit at napangyayari niya ang anumang kanyang nais.**

Salmo 115

(Kapurihan ng tunay na Diyos)

Tanging sa 'yo lamang, PANGINOON, ang dakilang karangalan,
Hindi namin maaangkin, pagkat ito'y iyo lamang;
Dahilan sa ikaw'y tapat at wagas ang pagmamahal.
Ganito ang laging tanong sa amin ng mga bansa:
"Nasaan ba ang inyong Diyos?" ang palaging winiwika.

Ang Diyos nami'y nasa langit, naroroon ang Diyos namin,
At ang kanyang ginagawa ay kung ano ang ibigin.
Ginawa sa ginto't pilak ang kanilang mga diyos,
Sa kanila'y mga kamay nitong tao ang nag-ayos.

Totoo nga at may bibig, ngunit hindi magsalita,
At hindi rin makakita, mga matang sadyang-sadya;
At hindi rin makarinig ang kanilang mga tainga,
Ni hindi rin makaamoy ang ginawang ilong nila.

Totoo nga na mayroong kamay ngunit walang pakiramdam,
Mga paa'y mayroon din ngunit hindi maihakbang.
Ni wala kang naririnig kahit gamunting tinig man.
Ang gumawa sa kanila at pati ang nagtiwala,
Sana ay makatulad din ng gayong diyos na ginawa.

Ikaw, bayan ng Israel, magtiwala sa PANGINOON,
Siya ang iyong sanggalang, laging handa na tumulong.
Kayong mga saserdote sa Diyos ay magtiwala,
Kayo'y kanyang iingata't ilalayo sa masama.

Sa PANGINOON ay magtiwala, kayong may takot sa kanya,
Pagkat siya ang tutulong at sa inyo'y mag-aadya.
Ang Diyos ay magpapala, hindi tayo lilimutin,
Pagpapala'y matatamo nitong bayan ng Israel;

Pati mga saserdote'y may pagpapalang kakamtin.
Sa lahat ng mayro'ng takot, Diyos din ang magpapala,
Kung magpala'y pantay-pantay, maliit man o dakila.
Sana kayo'y paramihin, kayo at ang inyong angkan,
Anak ninyo ay dumami, lumaki ang inyong bilang.

Pagpalain sana kayo, pagpalain kayong lubos,
Pagpalain ng lumikha ng langit at sansinukob.
PANGINOON ang may-ari ng buong sangkalangitan,
Samantalang ang daigdig ay sa tao ibinigay.

Di na siya mapupuri niyong mga taong patay,
Niyong mga nahihimlay sa malamig na libingan.
Tayo ngayong nabubuhay ang dapat magpasalamat,
Siya'y dapat na purihin, mula ngayon, hanggang wakas. Amen.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: **Ang Diyos ay nananahan sa langit at napangyayari niya ang anumang kanyang nais.**

Antipona 3: **Purihin ang Diyos, lahat kayong mga naglilingkod sa kanya, maging dakila at hamak.**

Awit: Pahayag 19:1-7
(Ang kasal ng Kordero)

Purihin ang PANGINOON
Ang pagliligtas, ang karangalan,
At ang kapangyarihan ay tanging sa Diyos!
Matuwid at tama ang kanyang hatol!
Purihin ang PANGINOON!

Purihin ang PANGINOON!
Purihin ninyo ang ating Diyos,
Kayong lahat na mga lingkod niya,
Maging dakila at hamak,
Kayong may banal na takot sa kanya!
Purihin ang PANGINOON!

Purihin ang PANGINOON!
Sapagkat naghahari ang PANGINOON,
Ang ating Diyos na Makapangyarihan sa lahat!
Dapat tayong magalak at magsaya.
Purihin ang PANGINOON!

Purihin ang PANGINOON!
Purihin natin ang kadakilaan niya
Dahil sa nalalapit na kasal ng Kordero.
Nakahanda na ang kasintahang babae.
Purihin ang PANGINOON!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: **Purihin ang Diyos, lahat kayong mga naglilingkod sa kanya, maging dakila at hamak.**

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(2 Tesalonica 2:13-14)*

Dapat kaming magpasalamat sa Diyos tuwina dahil sa inyo, mga kapatid na minamahal ng PANGINOON. Nagpapasalamat kami sapagkat hinirang niya kayo upang maunang pagkalooban ng kaligtasan, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritung nagpapabanal sa inyo at ng inyong paniniwala sa katotohanan. Tinawag kayo ng Diyos sa pamamagitan ng Mabuting Balitang ipinahayag namin sa inyo upang makasama sa kaluwalhatian ng ating PANGINOONG Hesukristo.

TUGUNAN

Dakila ang ating Panginoon, siya'y makapangyarihan.
— Dakila ang ating Panginoon, siya'y makapangyarihan.

Walang kaparis ang kanyang karunungan,
— siya'y makapangyarihan.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.
— Dakila ang ating Panginoon, siya'y makapangyarihan.

PAPURING AWIT NI MARIA

Antipona: **Mapalad kayong mga dukha, sapagkat ang Diyos ang maghahari sa inyo! Mapalad kayong mga nagugutom ngayon, sapagkat kayo'y bubusugin!**

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.

Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Kay Kristo ang lahat ng kapurihan at karangalan! Nabubuhay siyang walang hanggan upang maging Tagapamagitan natin. Nagagawa niyang iligtas ang lahat ng tumatawag sa Ama sa kanyang pangalan. Sa pananalig na ito, sa kanya'y tumawag tayo:

Alalahanin ang iyong bayan, Panginoon.

Sa paglipas ng maghapon, O Panginoong Liwanag ng katarungan,
tumatawag kami sa iyong ngalan para sa sangkatauhan,
— upang magtamasa ang lahat ng tao ng iyong paggabay na di nagkukulang.

Panatilihin mo ang iyong tipan na pinagtibay ng iyong dugo.
— Gawing malinis at pabanalin ang Simbahang itinatag mo.

Alalahanin mo, Panginoon, ang pagtitipon ng iyong sambayanan,
— ang tirahang iyong pinananahanan.

Gabayan ang mga naglalakbay sa daan ng kapayapaan at kasaganaan,
— upang makarating sila sa kanilang patutunguhan nang ligtas at may kagalakan.

Tanggapin, Panginoon, ang mga kaluluwa ng mga yumao,
— pagkalooban sila ng iyong biyaya at ng walang hanggang buhay na kaloob mo.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

**Ama naming makapangyarihan,
ipinangako mong ikaw'y mananatili
sa mga taong nagsigawa ng tama at mabuti.
Tulungan mong sa iyong piling ay mamuhay kami.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.**

PAGHAYO

(Kung may pari o diakono)

Sumainyo ang Panginoon
— At sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos
Ama, Anak at Espiritu Santo.
— Amen.

(Kung walang pari o diakono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon,
iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
— Amen

Panalangin sa Gabi

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Kristo, ikaw lamang liwanag at ang araw
Na pumapawi sa gabi at kadiliman.
Ikaw ang nagniningning na Araw ng Maykapal,
Katuparan ng pagtubos sa sangkatauhan.

Alalahanin kaming mga abang nilalang,
PANGINOON, kami nawa ay iyong pakinggan.
Hiling ay manahan ka sa aming pagkahimlay
Hanggang sa paggising sa pagbubukang-liwayway.

Antipona: **Ang gabi'y di nagdudulot sa akin ng takot sapagkat ako'y nahihimlay sa pagtangkilik ng Diyos.**

Salmo 91
(Ligtas sa mapagkupkop na kalinga ng Diyos)

Siyang naghahangad ng pagkupkop ng Kataastaasan,
At nananatili sa kalinga niyong Makapangyarihan;
Makapagsasabi sa kanyang PANGINOON:
"Muog ka't tahanan,
Ikaw ang aking Diyos, ang Diyos na tangi kong pinagtiwalaan."

Ika'y ililigtas niya sa panganib, sa umang na bitag,
At kahit ano mang mabigat na salot di ka magdaranas.
Lulukuban niya sa lilim ng kanyang malabay na pakpak,
Sa kalinga niya ay natitiyak mo na ikaw ay ligtas.

Iingatan niya't ipagsasanggalang, pagkat siya'y tapat.
Pagsapit ng gabi, di ka matatakot sa anumang bagay,
Maging sa gagawing biglaang paglusob pagsapit ng araw.
Ni sa ano pa mang darating na salot pagkagat ng dilim,
Di ka matatakot sa kasamaan mang araw kung dumating.

Kahit na mabuwal sa iyong harapan ang sanlibong tao,
Sa iyong paligid ang bilang ng patay maging sampung libo;
Di ka matatakot, at natitiyak mong di ka maaano.

Ika'y nagmamasid at sa panonood iyong mamamasdan,
Yaong masasama ay makikita mong pinarurusahan.
Sapagkat ang PANGINOON ang iyong ginawang tagapagsanggalang,
At ang pinili mong mag-iingat sa 'yo'y Kataas-taasan.

Di mo aabuting ikaw'y mapahamak, at walang daratal
Kahit anong uring mga paghihirap sa iyong tahanan.
Susuguin niya ang maraming anghel, sila'ng susubaybay,
Kahit saang dako ikaw maparoon, tiyak iingatan.

Sa kanilang palad ay itatayo ka't, sila'ng magtataas
Nang hindi masaktan ang mga paa mo sa batong matalas.
Kahit ang tapakan mo ay mga leon, ahas na mabagsik,
Di ka maaano sa mga serpiyente't leong mababangis.

Ang sabi ng Diyos, "Aking ililigtas ang tapat sa akin,
At iingatan ko ang sinumang taong ako'y kikilanlin.
Pag sila'y tumawag, laging handa ako na sila'y pakinggan,
Aking sasamahan at kung may hilahil ay sasaklolohan;
Aking ililigtas at ang bawat isa ay pararangalan.

Sila'y bibigyan ko't gagantimpalaan ng mahabang buhay,
At nakatitiyak na ang tatamuhin nila'y kaligtasan!"

(Papuri sa Ama at...)

Antipona: **Ang gabi'y di nagdudulot sa akin ng takot sapagkat ako'y nahihimlay sa pagtangkilik ng Diyos.**

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

(Pahayag 22:4-5)

Makikita nila ang kanyang mukha, at masusulat sa kanilang noo ang kanyang pangalan. Doo'y walang gabi, at hindi na sila mangangailangan ng mga ilawan o ng liwanag ng araw, pagkat ang PANGINOONG Diyos ang magiging ilaw nila, at maghahari sila magpakailanman.

TUGUNAN

Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Tinubos mo kami, Panginoong Diyos ng katotohanan,
— inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo,
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

PAPURING AWIT NG EBANGHELYO

Antipona: **Habang kami'y gising, Panginoon, kami ay ingatan; bantayan kami habang kami'y nahihimlay; upang sa paggising, manatili kaming kasama ni Kristong nagbabantay, at sa pagtulog, makapahinga kami sa kanyang kapayapaan (aleluya).**

Kunin mo na, Panginoon ang iyong abang alipin,
Ayon sa iyong ipinangako:

Yamang nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas,
Na inihanda mo para sa lahat ng bansa:

Liwanag itong tatanglaw sa mga Hentil,
At magbibigay karangalan sa iyong bayang Israel.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGWAKAS NA PANALANGIN

Panginoon,
ipinagdiwang namin ngayon
ang misteryo ng pagbangon ni Kristo
sa isang bagong buhay.
Makapahinga nawa kami sa iyong kapayapaan,
na ligtas sa lahat ng sa ami'y maaaring magpahamak
at bumangon muli kaming masigla at puno ng galak
upang purihin ka sa buong maghapon at magdamag.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan
ni Kristong aming Panginoon.
Amen.

PAGHAYO

Gawaran nawa tayo ng Makapangyarihang Diyos
ng gabing panatag at mapayapang pagkahimlay.
— Amen.

AWIT O PANALANGIN NG PAPURI KAY MARIA

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya.
Ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo.
Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat
At pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus.

Santa Maria, Ina ng Diyos,
Ipanalangin mo kaming makasalanan
Ngayon at kung kami'y mamamatay. Amen.